

Sipat-Suri Ng MGA Bokabularyong Pangkalikasan sa ISLA Ng Dinagat

Sayson, Cerrel D., Escultor, Gemma R.
Surigao Del Norte State University, Philippines

Abstract: *Ang pananaliksik na ito ay naglalayong makalap at maisalin sa Filipino ang mga bernakular na bokabularyong pangkalikasan ng Isla ng Dinagat upang magamit ng mga mag-aaral sa pagpapalawak ng kanilang bokabularyo. Gumamit ng paglalarawang disenyo ang pag-aaral upang ilarawan ang mga katawagang pangkalikasan ng mga lokal na residente sa Dinagat. Ginamit ang mga pamamaraan ng pagtatanong, pagmamasiid, at Focus Groups upang makuha ang kinakailangang datos. Natuklasan na mayamang katawagang pangkalikasan ang matatagpuan sa Dinagat, na ang ilang mga salita ay katulad ng sa Filipino, habang ang iba naman ay may kaunting pagkakaiba sa tunog at baybay. Nakatulong ang glosaryong nabuo sa paglinang ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Ang pagsasalin ng mga bernakular na bokabularyo sa Filipino ay nagpapalakas sa wikang Pambansa at nagbubukas ng mas malawak na pag-unawa at pagpapahalaga sa likas na yaman at kultura ng Pilipinas. Inirekomenda na palawakin ang pag-aaral ng mga lokal na salita sa mga paaralan, ipagpatuloy ang paggamit ng mga katawagang pangkalikasan, at pasiglahin ang kolaborasyon sa pagitan ng mga akademiko, mananaliksik, at mga katutubong komunidad upang mapanatili at maisalin ang kaalaman sa susunod na henerasyon*

Keywords: Bernakular na bokabularyo, Pangkalikasan, Isla ng Dinagat, Filipino language, Pagsasalin

KABANTA 1. PANIMULA

Ang wika ay bahagi ng ating kultura. Ang wika bilang kultura ay koliktibong kaban ng karanasan ng tao sa tiyak na lugar at panahon ng kanyang kasaysayan. Sa isang wika makikilala ng bayan ang kanyang kultura at matutuhan niya itong angkinin at ipagmalaki.

Ang teoryang sosyolinggwistik ay naglalayong maunawaan ang kaugnayan ng wika at lipunan, ipinapakita nito na ang wika ay hindi lamang isang behikulo ng komunikasyon kundi isang panlipunang pangyayari na apektado ng mga salik panlipunan at kultura.

Ayon kay Tasic (2016), isinulong ni dating Pangulong Manuel L. Quezon noong 1940 ang Executive Order No. 263 na nag-uutos sa lahat ng pribado at pampublikong paaralan na isama sa kurikulum ang pagtuturo ng wikang pambansa. Ito ngayon ang tinatawag nating asignaturang Filipino. Ito ang pag-aaral ukol sa tamang paggamit ng ating wika at mga literaturang itinuturing nating kayamanan.

Dahil dito, isinusulong ng Komisyon ng Wikang Filipino ang pagsasalin ng mga salita hindi lang ng ingles patungo sa Filipino maging ang mga dayalekto ng iba't ibang rehiyon ng bansa, at hindi lamang ng mga literatura maging ang mga salitang magagamit rin sa pagkatuto. Kung saan winika ni Virgilio S. Almario ng KWF (Komisyon ng Wikang Filipino), "makakatutulong ang pagsasalin sa kalidad ng reading comprehension sa bansa". Ayon naman kay Narvaez, "mahalaga ang pagsasalin dahil mayroon itong gampaning pangwika para sa bansa. Katuwang ng pag-unlad ng isang wikang Pambansa ang pagsasalin. Kasangkapan ito para maangkin natin sa ating wika ang mgaangkat na kaisipan, karanasan sa isang multilingguwal na lugar tulad ng atin, sa pagsasalin din ang paraan para mailahok ang ambag ng iba't ibang katutubong kultura sa isang pambansang kamalayan na nakapaloob sa isang pambansang wika."

Sa asignaturang Filipino, ilan sa mga kasanayan ay ang paglinang ng bokabularyo ng mga mag-aaral para sa lubos na pag-unawa sa mga binasa at pagpapahayag ng ideya. Kalimitan sa mga paksain dito ay tungkol sa panitikan na karaniwang naglalarawan sa kultura, tradisyon, paniniwala, kabuhayan at pangkalikasan. Ipinahayag naman ni Ming Wei (binanggit ni Guadna, 2023), ang pagkukulang sa kakayahan sa bokabularyo ay maaring magdulot ng paghihirap ng mag-aaral sa pagtanggap at pagbuo ng wika kahit gaano pa man kagaling ang mag-aaral sa pagbuo ng balarila,

pagkaayos ng pangungusap, at pagbigkas nito. Kung walang tamang salitang maaaring gamitin upang maipahayag ang mensahe, walang mangyayari na maayos na komunikasyon. Ayon kay Widiastuti (2011) sa pagbanggit ni Guadna (2023), marami ang mga mag-aaral na kulang ang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon dahil sa kakulangan sa bokabularyo. Kung kaya mahalaga ang malawak na kasanayan ukol dito.

Sa pag-usbong ng wika, maraming mga salita ang nagbago, maraming mga salita ang umusbong at nawala. May mga salitang naman na nagbago ang anyo ayon sa gumagamit nito dahil upang makapapagulo sa komunikasyon ng mga tao.

Ang Isla ng Dinagat ay mayaman sa iba't ibang aspekto lalo na sa likas na yaman. Ito ay isang payak na probinsiya ngunit mayaman sa kultura. Maraming mga katawagang pangkalikasan ang dito'y umusbong na maaaring makatutulong upang higit na maipakita at maibahagi sa buong mundo ang yaman at kultura dito.

Kaya ang mananaliksik ay naglalayong makakalap ng mga bernakular na bokabularyong pangkalikasan na maaaring masuri ang kahulugan at katumbas nito sa Filipino upang magamit ng mga mag-aaral sa paglinang ng kanilang bokabularyo. Sa pamamagitan ng mabuong glosaryo ay may mapagbabatayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng mga kahulugan o katumbas na wika nito. Sisikapin ng mananaliksik na mapasuri ang mga nakalap sa katawagan sa mga eksperto na maaaring magamit ng mga guro at mag-aaral bilang tugon sa mga kompetensi ng DepEd. Maaaring magamit ng mga mag-aaral ang mga natuklasang katawagang pangkalikasan sa kanilang pagkatuto ng mga akdang pampanitikan na may kaugnayan sa pangkalikasan at sa pagtuturo naman ng mga guro. Ang pagkatuklas ng mga bokabularyong pangkalikasan ng Dinagat Islands ay may malaking tulong lalo na sa larangan ng panitikan at kultura nito hindi lamang ito magagamit ng mga mag-aaral at mga guro sa paaralan kundi ito ay ang magiging salamin ng mayamang kultura ng Dinagat Islands lalo na sa larangan panturismo.

Suring-basa ng mga Literatura

Naglalayong maipakita ng mananaliksik sa pamamagitan ng iba't ibang kaisipan mula sa kaugnay na literatura na mapalawak, mapatingkad at mapaunlad ang katuturan sa pag-aaral na ito. Ang Leksikograpiya at Wika Ayon kay Hartmann (2001), may tatlong pangunahing sangguniang leksikograpikal: ang diskyunaryo, tesaurus at ang ensayklopedya. Ayon sa Dictionary of Lexicography, ang diksyunaryo ang pinakakaraniwang sangguniang leksikograpikal na binubuo ng makro at mikrostruktura. Sa simpleng pagpapahayag, ang makrostruktura ay tumutukoy sa panimula at iba pang preliminaryong bahagi ng diksyunaryo, mga salitang lahoc o entri at mga apendiks at iba pang bahagi pagkatapos ng mga salitang lahoc.

Samantala ang mikrostruktura naman ay tumutukoy sa deskripsyon o depinisyon ng mga salitang lahoc Ang Leksikograpiya at Wika

Ayon kay Hartmann (2001), may tatlong pangunahing sangguniang leksikograpikal: ang diskyunaryo, tesaurus at ang ensayklopedya. Ayon sa Dictionary of Lexicography, ang diksyunaryo ang pinakakaraniwang sangguniang leksikograpikal na binubuo ng makro at mikrostruktura. Sa simpleng pagpapahayag, ang makrostruktura ay tumutukoy sa panimula at iba pang preliminaryong bahagi ng diksyunaryo, mga salitang lahoc o entri at mga apendiks at iba pang bahagi pagkatapos ng mga salitang lahoc. Samantala ang mikrostruktura naman ay tumutukoy sa deskripsyon o depinisyon ng mga salitang laho

Ang Leksikograpiya at Wika

Ayon kay Hartman (2001) sa pagbanggit ni Malaque (2023), may tatlong pangunahing sangguniang leksikograpikal: ang diksyunaryo, tesaurus, at ang ensayklopedya. Ayon sa Dictionary of Lexicography, ang diksyunaryo ang pinakakaraniwang sangguniang leksikograpikal na binubuo ng makro at mikrostruktura. Sa simpleng pagpapahayag, ang makrostruktura at tumutukoy sa panimula at iba pang preliminaryong bahagi ng diksyunaryo, mga salitang lahoc o entri at mga apendiks at iba pang bahagi pagkatapos ng mga salitang lahoc. Samantala ang mikrostruktura naman ay tumutukoy sa deskripsyon o depenisyon ng mga salitang lahoc.

Ayon kay Henry Gleason, ang wika ay isang sistematikong balangkas ng mga sinasalitang tunog na pinipili at isinasabay sa paraang arbitraryo upang magamit ng mga taong may iisang kultura. Ayon naman sa UP Diksiyonaryong

Filipino ang wika ay “lawas ng mga salita at sistema ng paggamit sa mga ito na laganap sa isang sambayanan na may iisang tradisyong pangkultura at pook na tinatahanan.”

Sipat-suri

Ang sipat-suri ay isang paraan at proseso ng pag-aaral at pagsisiyasat ng isang bagay, ideya at konsepto. Ito ay isang masinop na pagtingin sa isang paksa upang maintindihan ang mga bahagi nito, ang mga ugnayan sa pagitan ng mga kahulugan.

Pagsasaling-wika

Ang pagsasaling-wika ay isang proseso kung saan ang isang pahayag, pasalita man o pasulat, ay nagaganap sa isang wika at ipinapalagay na may katulad ding kahulugan sa isang dati nang umiiral na pahayag sa ibang wika.

Sa pagbanggit ni Lumacao (2023), kasintanda na ng panitikan ang pagsasaling-wika kaya masasabing marami-rami na rin ang mga pag-unlad nito sa metodolohiya. Maraming mga iskolar at mananaliksik ang nagsipagbigay ng kanilang mga ideya at konsepto ng pagsasaling-wika.

Ayon kay Navoa, et al. (2016), ang pagsasalin ay isa sa mga gawaing kinakailangan ng halos lahat ng larangan at gawain ng tao. Sa mga guro ay napakahalagang matutunan ito sa kanilang paggawa ng mga kagamitan sa pagtuturo, lalo na't may mga babasahing sa wikang Ingles lamang nakasulat. Sa mga mag-aaral naman ay mahalaga rin ito sa patuloy nilang paghahanap ng impormasyon sa iba-ibang mga teksto na nasusulat sa ibang wika. Sa mga guro't mag-aaral, ang pagsasalin ay napakahalaga lalo na sa larangan ng pananaliksik.

"Ang pagsasalin ay hindi isang bagay lamang ng mga salita: ito ay isang bagay ng paggawa ng maliwanag isang buong kultura." - Anthony Burgess. Ang ibig sabihin nito ay ang pagsasaling wika ay hindi lamang pumupokus sa wika, ito din ang paraan upang mas lalo pa nating maintindihan ang bawat kultura ng mga taong ating nasasalamuha sa pamamagitan ng pakikipag-uusap. Ang kultura ay may malaking impluwensya sa lipunan at pulitika ng isang bansa, sa mga tuntunin ng ideolohiya.

Ayon sa ilang mga mananaliksik ng pagsasalin tulad ng Even-Zohar, Susan Bassnett at Trivedi, kultura ay nakaugnay din sa kalooban ng kapangyarihan at sa paraan ng mga tao na magpanggap sa kapangyarihan na ito. Sa ganitong diwa, ang mga pagsasalin ay may kaugnayan sa paggawa ng mga sistema ng mga ideolohiya na maaaring maunawaan para sa mga mambabasa. Samakatuwid, ang pagsasalin ng kultura ay nakaugnay sa etika at nagpapaliwanag ng isang bagong paraan ng pag-iisip.

Ayon naman kay Dela Fuente (2014) sa artikulong “Kahalagahan ng pagsasaling-wika”, ang pagsasaling wika ay nakatutulong upang isulong ang ating ekonomiya dahil kaakibat ng pagsasaling wika ang ating wika, teknolohiya, agham, at medisina. Madaling unawain ng mamamayang Pilipino ang mga teksto kung ito ay maisasalin sa wikang Filipino. Ang pagsasaling wika ay nararapat na gamitin sa pag-aaral sapagkat ang mga napiling salita ay walang katumbas sa wikang Filipino. Maiintidhang mabuti ng mga Pilipino kung ang gagamiting wika ay ang pansariling wika. Makakatulong ang pagsasaling wika upang mapaunlad ang wikang Filipino.

Ayon sa pag-aaral ng estudyante ni Bb. Armia Leonardo ng ICCT Colleges Foundation, Inc. (2014), ang pagkakaroon ng wikang Pambansa ay nagbibigay daan sa pagkakaisa ng mga mamamayan at nagbibigay tulong sa pag-unlad ng iba't ibang aspeto sa isang bansa. Ang sariling wika ay mahalaga at kinakailangan ng isang bansa sapagkat ito ang ginagamit sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtalastasan ng bawat mamamayan. Ang ekonomiya ay hindi unlad kung ang mga tao ay hindi nagkakaisa at nagkakaintindihan.

Kaugnay naman ng naunang pag-aaral ang pagsasaling-wika, ayon sa pananaliksik ng estudyante ni Ginoong Rodel (2013), ang pagsasalin ay karapat-dapat lamang matutunan dahil makatutulong ito upang makagawa ng asignaturang pananaliksik. Binanggit din dito na ang pagkakaroon ng kahusayan sa pagsasalin ng mga salita ay magiging makabuluhan para mas maintindihan ang mga dayuhang salita. Kapag naisalin ang mga salita, mas madaling maiintindihan ang lahat ng makakabasa nito.

Ayon kay Mikki Bautista (2017), ang pagsasaling wika ay isang paraan ng pagsulat kung saan isinusulat muli ang teksto sa ibang wika batay sa gagamitin ng tagasalin subalit hindi nawawala ang diwa ng orihinal nito. Mahalaga ang pagsasaling wika dahil ginagamit ito sa pagpapalaganap ng kaalaman o kaisipang nakapaloob sa akda at pagpapakilala sa mga bagong mambabasa ng isang akdang itinuturing na makabuluhan ng isa o ilang tao.

Ang pagsasalang wika ay hindi lamang bahagi ng pag aaral sa mga prosesong nakapaloob sa panitikan. Bagkus ito ay may malaking impluwensiya sa ating kasaysayan.

Ayon kay Mikki Bautista (2017), ang pagsasalang wika ay isang paraan ng pagsulat kung saan isinusulat muli ang teksto sa ibang wika batay sa gagamitin ng tagasalin subalit hindi nawawala ang diwa ng orihinal nito. Mahalaga ang pagsasalang wika dahil ginagamit ito sa pagpapalaganap ng kaalaman o kaisipang nakapaloob sa akda at pagpapakilala sa mga bagong mambabasa ng isang akdang itinuturing na makabuluhan ng isa o ilang tao. Ang pagsasalang wika ay hindi lamang bahagi ng pag aaral sa mga prosesong nakapaloob sa panitikan. Bagkus ito ay may malaking impluwensiya sa ating kasaysayan.

Ayon kay Mikki Bautista (2017), ang pagsasalang wika ay isang paraan ng pagsulat kung saan isinusulat muli ang teksto sa ibang wika batay sa gagamitin ng tagasalin subalit hindi nawawala ang diwa ng orihinal nito. Mahalaga ang pagsasalang wika dahil ginagamit ito sa pagpapalaganap ng kaalaman o kaisipang nakapaloob sa akda at pagpapakilala sa mga bagong mambabasa ng isang akdang itinuturing na makabuluhan ng isa o ilang tao. Ang pagsasalang wika ay hindi lamang bahagi ng pag aaral sa mga prosesong nakapaloob sa panitikan. Bagkus ito ay may malaking impluwensiya sa ating kasaysayan.

Ayon kay Mikki Bautista (2017), ang pagsasalang wika ay isang paraan ng pagsulat kung saan isinusulat muli ang teksto sa ibang wika batay sa gagamitin ng tagasalin subalit hindi nawawala ang diwa ng orihinal nito. Mahalaga ang pagsasalang wika dahil ginagamit ito sa pagpapalaganap ng kaalaman o kaisipang nakapaloob sa akda at pagpapakilala sa mga bagong mambabasa ng isang akdang itinuturing na makabuluhan ng isa o ilang tao. Ang pagsasalang wika ay hindi lamang bahagi ng pag aaral sa mga prosesong nakapaloob sa panitikan. Bagkus ito ay may malaking impluwensiya sa ating kasaysayan.

Ayon sa pag-aaral ni Robante, et al. (2023), ang pagsasalin ay tugon sa pagpapalawak ng saklaw ng pagsasalin ng panitikan sa bernakular tungo sa wikang pambansa. Ang Kawanihan sa Pagsasalin ng Komisyon ng Wikang Filipino at ang pakikipag-uganayan nito sa mga nangungunang unibersidad sa buong bansa tungo sa mabilis at mas mahusay na lansakang pagsasalin ay magkakaroon ng sapat na kagamitang panturo sa isang ganap na Filipinasadong sistemang pang-edukasyon na makahuhubog at makalilalang ng mga mag-aaral na maging mapanuri at malikhaing mag-isip. Sa pag-aaral na ito, naililipat nito ang kultura at kaalamang Ilonggo sa buong bansa at iba pang sa makakaunawa ng wikang Filipino. Sa maikling sabi, napapalawak nito saklaw ng tagatangkilik ng akdang Hiligaynon.

Ayon naman kay Tipones (2013), ito ang tulay sa paghasang analitikal na pag-iisip ng mga kabataang Pilipino. Dahil ang dapat na maunang hubugin sa kanila ay ang edukasyon sa kultura, tradisyon, kasaysayan, at lalo na sa wika ng Pilipinas. Ang pag-aaral ng Filipino ay pag-aaral rin ng pagiging Pilipino.

Pilipino tayo kaya't nararapat lamang na mas maging maigi ang pag-aaral natin sa sarili natin at iyan ang wikang Filipino. Ang pag-aaral ng Filipino ay simula upang mapalawig ang pagkilala at pagmamahal sa bayan. (*"Bakit mahalaga ang Filipino,"* 2014)

Saklaw ng mga Katawagang Pangkalikasan

Ang kalikasan (Ingles: Nature) sa pinakamalawak na pagpapakahulugan, ay ang gumigitaw at makikitang panlabas na anyo ng mundo o daigdig. Ang "kalikasan" ay maaring mangahulugan sa lahat ng bagay na likas at katutubong mula sa mga kaganapang anyong panlabas ng mundo, at maging sa buhay din.

Ang Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Kayamanan o Department of Environment and Natural Resources (DENR) ay departamento sa ilalim ng Ehekutibong Sangay ng Pamahalaang Pilipinas na responsable sa pagkontrol at pamamahala ng eksplorasyon, pagpapaunlad, maayos na paggamit at pananatili ng likas na yaman ng bansa.

(Kahalagahan ng Kalikasan) Dito nanggagaling lahat ng bagay na ating ikinabubuhay. Ito ay maganda at kapakipakinabang. Mula sa pagkain, tirahan, gamot at marami pang iba. Isa sa mga pangunahing pinagkukunan ng yaman ng isang local na pamahalaang pagpapabuti ng kanyang turismo. Tungkulin nito na i-develop o paunlarin ang kanyang nasasakupan para sa magandang buhay at kinabukasan ng kanyang mamamayan. Subalit ang malaking hamon para sa mga local na pamahalaan ay ang pagpapanatili ng pag-unlad (sustainable development nito na may pagsasaalang-alang sa mga sumusunod na domain: sosyal, pangkalikasan, at pang-ekonomiya. Ang patuloy na pag-

unlad ng ekonomiya (economic sustainability) ay maaaring kasangkutan ng pagpapaunlad ng kalidad ng buhay ng nakararami subalit nangangailangan ng pagbabawas ng konsumo sa kalikasan (Brown 2011).

Ang Wikang Filipino

Bawat rehiyon dito sa Pilipinas ay may iba't ibang kultura at ang iba't ibang kultura ito ay pinangangalagaan din ng iba't ibang wika. Ang mga wikang ito ay tinatawag na wikang pangrehiyon o bernakular na wika. Ito ay mga katutubong wika na ginagamit sa isang ispesipikong rehiyon, probinsya, o tribo. Upang madaling maunawaan, ang bernakular na wika ay kinikilala ring Inang Wika o Mother Tongue. Higit na nauuna natin itong natututunan kaysa sa ating wikang pambansa sa kadahilanang ang ating bansa ay maraming kapuluan at halos lahat ng ito ay may kanya-kanyang bernakular. Ito rin ang pinakatiyak na repleksyon o salamin ng ating kultura. Sa pamamagitan ng paggamit nito, nagagawa nating palitawin ang ugnayan ng wika at kultura sapagkat ang bernakular na wika ay ginagamit araw-araw sa isang tiyak na lugar. Kung ating iisipin, malaki ang magagawa ng bernakular na wika sa mundo ng pagsasalina wika upang wakasan na ang tuluyang panghihiram sa mga wikang banyaga. Sa pamamagitan nito, maituturing na nating istandardisado ang wikang Filipino sapagkat ito ay magiging puro. Bukod pa sa tuluyan na nating maiwawaksi ang panghihiram ng mga kolonyal na wika ay magagawa pa nitong palutangin ang iba't ibang mga kultura na bumabalot sa isang wika.

Ayon kay Nuncio, et.al (2020), malaki ang naitutulong ng wikang Filipino bilang wikang opisyal at pambansang lingua franca sa pakikipag-ugnayan ng mga tao sa bawat lalawigan at rehiyon sa Pilipinas. Isa sa mga daluyan ng mabilis na paglaganap ng wikang Filipino ay ang paggamit nito sa sosyo-ekonomik na gawain ng mga tao (2053-2058). Sa pag-aaral na ito, ginagamit ang wikang Filipino bilang batayan at istandard na wika sa pagbibigay katumbas ng mga terminong lokal na Bikol at Cebuano na itinuturing ding mga istandard na wika sa mga rehiyong binibigkas at ginagamit ito. Istratehiko rin ang paggamit ng wikang Filipino sa usapin ng tumbasan at salin upang maunawaan ng mambabasa na maaaring iba rin ang wika na bumabasa ng mga terminong nasa Bikol at Cebuano at vice-versa. Ibig sabihin, ginagampanan ng wikang Filipino ang tungkulin nito bilang tagapagdaloy o tagapag-ugnay na wika ng mga wika sa bansa.

Napakayaman ng wika at kultura ng bansang Pilipinas. Salamin ang wika ng mga kaugalian, gawi, pamumuhay, at mga tradisyong minana pa sa mga nakatatanda. Ang wika bilang makapangyarihang behikulo ng pakikipag-ugnayang sosyal, malaki rin ang papel nito sa pagdukal ng karunungan o kamalayan. Isang instrumentong nagbibigay-linaw sa kung ano ang pinagmulan o kasaysayan ng isang indibidwal o pulutong ng tao. Isang pagpapatunay na "Ang pagkakaroon ng barayti ng anumang wika ay isang realidad na nagpapakita ng pagbabago nito dahil sa iba't ibang paraan ng paggamit sa wika. Sumasalikop ang wika sa kultural na dibersidad ng bansa" (Peregrino et al. Salindaw) sa pagbanggit sa pag-aaral nina Nuncio, et al (2020). Hindi matatawaran ang kahulugan at kabuluhan ng wika sa bawat grupo ng mananalita. Isang mahalagang instrumento ito sa pakikipag-ugnayan ng mga tao saan mang bahagi ng lalawigan/rehiyon o bansa ang pinanggagalingan nila. Napagkakasundo nito ang iba't ibang grupo o nagkakaroon ng pagkakaintindihan ang dalawang magkaibang ispiker/mananalita dahil sa wikang nagbibigkis sa kanilang damdamin at kamalayan. Kabuhol ng wika ang kultura.

Bawat lalawigan at rehiyon sa Pilipinas ay may kani-kaniyang yamang taglay, hindi lamang yaman ng wika, kundi yamang-tao na siyang isa sa pinakamahahalagang salik ng lakas-paggawa at kaunlaran ng bansa. Ang isla ng Dinagat ay may mga natatanging likas na yaman na maaaring ipagmalaki sa buong mundo. Taglay nito ang malawak na karagatan na nakapalibot sa buong isla ng Dinagat. Hindi lamang isang natural na karagatan ngunit nagtataglay ito ng mga lamang dagat at maraming klase ng isda, at mga magagandang dalampasigan o baybayin. Ang mga likas na yamang ito ay ang pinagkukunan ng kabuhayan ng mga taong naninirahan dito. Karagatan man, kabundukan maging sa mga himpapawid ay may maipagmamalaki dito. May natatanging katawagan o termino ang bawat aspeto ng kalikasan dito at samakatuwid may kakaibang konteksto at sitwasyon ng paggamit ang mga terminong ito. Kaugnay ng pinagkukunang yaman, hindi maihihiwalay ang mga organiko at di-organikong mga bagay na maaaring sa ganitong lugar lamang makikita o matatagpuan. Samakatuwid, hindi maihihiwalay ang mga terminong unique o mga katawagang maaaring pareho o may pagkakaiba sa ibang lalawigan o rehiyon. Ibig sabihin, nagkakaroon ng baryasyon ang mga terminong pangkalikasan depende sa kultural at heograpiikal na lokasyon.

Sintesis. Ang mga nakalahad na kaugnay na literatura ay mahalaga para sa pagpapatingkad ng kaisipan sa pag-aaral. Ang pagpapakahulugan at konsepto ng pagsasalang-wika sa larangan ng pagkatuto at pagtuturo, ang saklaw ng mga katawagan o bokabularyong pangkalikasan, at ang kahalagahan ng wikang Filipino sa pagpapalawak ng kultura ng isang lugar.

Ang lahat ng ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil layunin ng mananaliksik na makalikom at maisalin sa wikang Filipino ang mga lokal na bokabularyong pangkalikasan at masuri ang mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga nakalap nang sa gayon ay matukoy kung nagsilbi ba itong daluyan ng pagtuturo at pagkatuto sa mga mag-aaral. Nagkakaiba lamang ang mga ito sa pinagkunang datos, lugar, panahon, at tagatugon.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito ay salin-suri ng ng mga bokabularyong pangkalikasan sa Isla ng Dinagat.

Sa kabuuan, sisikapang matugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga bokabularyong pangkalikasan na matatagpuan sa Isla ng Dinagat ayon sa mga sumusunod na uri:
 - 1.a. bokabularyo sa katubigan,
 - 1.b. bokabularyo sa kalupaan,
 - 1.c. bokabularyo ng *rootcrops*,
 - 1.d. bokabularyo ng punong-kahoy,
 - 1.e. bokabularyo ng gulay,
 - 1.f. bokabularyo ng halamang-gamot,
 - 1.g. bokabularyo ng kahayupan,
 - 1.h. bokabularyo ng ibon,
 - 1.i. bokabularyo ng isda,
 - 1.j. bokabularyo ng lamang dagat,
 - 1.k. at bokabularyo ng insekto
2. Paano nagkakatulad sa baybay at bigkas sa Filipino ang mga katumbas ng mga salita sa Dinagat sa kalikasan?
3. Ano ang iba't ibang kompetensi sa DepEd ang natutugunan sa pagtuturo-pagkatuto ng sipat-suri ng mga bokabularyong Dinagatnon sa pangkalikasan?

KABANATA 2

PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Ang kabanatang ito ay napapalooban ng mga pamamaraang ginamit ng mananaliksik sa paglikom ng mga datos, at ang pag-aanalisa ng mga datos upang masagot ang mga suliranin.

Disenyo

Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng paglalarawang disenyo ng pananaliksik dahil ito ay naglalayong ilarawan ang mga katawagang pangkalikasan na ginagamit ng mga lokal na residente sa Isla ng Dinagat. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraan ng pagkolekta ng mga datos tulad ng pagtatanong-tanong, pagmamasid, maaaring makuha ang kinakailangang impormasyon upang mailarawan ang mga katawagang pangkalikasan sa Isla ng Dinagat. Ang paraang *Focus Groups* ay ginagamit din para sa pangangalap at pagkolekta ng mga datos sa pamamagitan ng pagtitipon ng isang maliit na grupo ng indibidwal upang talakayin ang isang partikular na paksa, at upang makakuha ng kasapatan na mga datos.

Tagasuri

Ang mga tagasuri sa pananaliksik na ito ay ang mga propesyunal at residente ng Dinagat Islands. Makikita sa talahanayan 1 ang kabuuang populasyon ng mga tagasuri. Mayroong dalawang propesyunal na tagasuri.

Talahanayan 1. Distribusyon ng mga Tagasuri

Posisyon	Bilang ng Tagasuri para sa Glosaryo
Teacher III	1
Master Teacher I	1
KABUUAN	2

Sa dalawang tagasuri sila ay mga propeysunal at lumad na naninirahan sa Dinagat Islands. Isang Teacher III at isang Master Teacher I na guro ng Dinagat Islands Division. Bihasa sa wikang Filipino at Ingles, at may kaalaman sa ibang wika sa Pilipinas. Sila ay nagtapos sa digre na *Masters of Arts Education Major in Filipino at Doctor of Philosophy in Education*.

Kaligiran ng Pananaliksik

Ang lalawigan Isla ng Dinagat ay matatagpuan sa Hilagang Silangan ng Mindanao ng Pilipinas. Ito ang pinakabagong lalawigan ng Rehiyong Caraga. Ito rin ang tanyag na lugal kung saan nangyari ang makasaysayng karagatang digmaan sa Surigao sa panahon ng ikalawang digmaang pandaigdig at ang lagusan o daanan ng mga Amerikanong kawal bago ang pagbalik ni Heneral Douglas Mac Arthur sa Leyte.

Ang Isla ng Dinagat ay may laki na 60 km Hilaga-Pakanluran. Ito ang tinaguriang Distrito Uno ng lalawigang Surigao del Norte hanggang naging lalawigan sa ilalim ng Republic Act. No. 9355 noong Disyembre 2, 2006- Charter ng lalawigan na rin ng Isla ng Dinagat ayon sa plebesito.



Figyur 2. Mapa ng Isla sa Dinagat
DOI: 10.48175/IJAR SCT-19411

Ang Isla ng Dinagat Islands ay mapupuntahan sa pamamagitan ng bangka mula sa Surigao City na aabot ng lagpas 1 oras na biyahe papuntang San Jose (capital ng lalawigan) kung saan ito ang sentro ng Isla at mula dito ay maaaring malibot ang iba pang bayan sa pamamagitan ng mga motorsiklo. Maaari rin naman mula Surigao City sakay ng bangka ay direktso na sa bayan ng Cagdianao, Dinagat, Basilisa (Rizal), Libjo (Albor), Tubajon at Loreto, ito ang mga bayan ng Dinagat Islands. Ang pinakamatandang bayan dito ay ang Dinagat nagawa noong taong 1855 pa. At ang nasabing lugal ay ang pokus na mapagkukunan ng mga datos ng mananaliksik bilang impormante sa maisasagawang pag-aaral.

Instrumento ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng mananaliksik ng pakikipanayam sa pamamagitan ng pagtatanong-tanong sa mga mamamayan o pangkat ng tao ayon sa kanilang trabaho gaya ng mga mangingisda, magsasaka at mga taong matagal ng naninirahan sa Dinagat. Ginamit rin ng mananaliksik ang paraang obserbasyon at dokumentasyon sa pagkalap at pagkolekta ng mga katawagang pangkalikasan.

Paraan sa Pangangalap ng mga Datos

Ang mananaliksik ay mangangalap ng mga katawagang pangkalikasan sa pamamagitan ng pagtatanong-tanong at pagmamasiid o obserbasyon sa paligid ng mga salitang ginamit ng Dinagatnon.

Una ay nilikom ng mananaliksik ang mga katawagang pangkalikasan sa Dinagat sa pamamagitan ng pagtatanong-tanong at obserbasyon sa mga pagbigkas ng salita.

Pangalawa, inayos ito ayon sa kategorya ng mga katawagan at katumbas nito sa wikang Filipino at Ingles. Pangatlo, pagkatapos malikom ang mga datos ay inihanda ng mananaliksik ito upang isagawa ang pagsusuri at pag-aanalisa rito.

Pang-apat, matapos mabuo ang glosaryo ay gagamitin ito ng guro bilang integrasyon sa paglinang ng talasalitaan sa klase.

Pagsusuri ng mga Datos

Ang mga sumusunod na istadistika ay ginamit sa pag-aaral na ito.

Content Analysis. Sa paggamit ng disenyo ng ito, ayon kina Potter at Levine-Donnerstein (1999) na sinipi ni Hsui-Fang (2005) at nabanggit ni Galdonez (2022) ay kinakailangan tukuyin ang mga salita at/o nilalaman upang maintindihan ang mga ito sa paraang kontekstuwal. Gayundin sa pag-aaral na ito kailangang tukuyin ang mga partikular na katawagang pangkalikasan sa Isla ng Dinagat at inuuri ito ayon sa iba't ibang kategorya upang masuri at masiyasat ang mga salita ayon sa pagkakatulad ng baybay at bigkas nito sa wikang Filipino upang maunawaan ang mga katawagang pangkalikasan na ginagamit ng mga residente at matukoy ang kahulugan at maunawaan ang kultura at tradisyon ng mga tao sa Isla ng Dinagat.

KABANATA 3

MGA RESULTA AT PAGTALAKAY


Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga natuklasan at pagtatalakay tungkol sa mga Bokabularyong Pangkalikasan sa Isla ng Dinagat.

Mga Bokabularyong Pangkalikasan sa Isla ng Dinagat

Ang mananaliksik ay nangalap ng mga bokabularyong pangkalikasan sa pamamagitan ng pagtatanong-tanong at obserbasyon upang mapaunlad ang kultura ng Dinagat at matukoy ang mga lokal na salita dito. Makakatulong ito upang madaling makilala at matukoy ang mga bagay at elemento ng kalikasan.





Talahanayan 2. Bokabularyo sa Katubigan










Salita	Bigkas	Kahulugan	Katumbas sa Filipino
Atabay 	a.ta.bay	Isang butas ng lupa na may tubig na dumadaloy	Balon
Balod 	ba.wód	Paggalaw ng dagat mula sa isang lugar papunta sa ibang pook	Alon
Busay 	bu.sáy	Daloy ng tubig mula sa itaas hanggang sa mababang bahagi ng pook	Talon
Dagat 	da.gát	Anyong tubig na maalat, mas mababaw na bahagi ng karagatan	Dagat
Suba 	subá	Anyo ng tubig na dumadaloy mula sa bundok patungo sa karagatan	Ilog
Sapa 	sapá	Patuloy na agos ng tubig tabang na mas mababaw at maliit kumpara sa ilog	Batis
Lawod 	lawód	Pinakamalaki, pinakamalawak, pinakamalalim na bahagi ng tubig-alat at malayo ito sa baybayin	Karagatan/ Laot
Linaw 	li.náw	Malaki at malalim na Tubig-tabang na napalibutan ng lupa	Lawa
Lo'ok 	lo.ók	Anyong tubig na bahagi ng dagat katulad ng golpo ngunit mas maliit at mas malaki ang buka nito sa dagat	Look
Kabakhawan 	Ka.bak.ha.wán	Bahagi ng dagat na karaniwang tumutubo ang mga puning bakhaw	Bakawan

Lay.o	lay.o	A <i>stagnant water</i> na maputik kadalasan matatagpuan sa mga palayan at tabing dagat	Likya
Pasig 	Pasig	Mababaw na bahagi ng karagatan sa laot	Talampas ng Karagatan
Lim-aw	lim.áw	Maliit ngunit malalim na di-gumagalaw na naipong tubig.	Sal a bay

Ang mga salita sa talahanayan 2 ay pawang tumutukoy sa bokabularyong pangkalikasan hinggil sa katubigan, sa unang kolum ay makikita ang mga bokabularyong ginamit sa Isla ng Dinagat, sa ikalawang kolum naman ay ang bigkas ng mga salita kung saan makikita na may mga titik na nawawala kagaya ng tunog ng titik na “l” ay napapalitan ng tunog ng titik na “w”, ngunit may mga salita na pareho lamang ang baybay at bigkas nito sa wikang Filipino na makikita sa ikaapat na kolum. Mapapansing ang mga salita na natuklasan ay pawang mga salitang-ugat lamang maliban sa salitang atabay na kung saan karaniwan itong binabanggit na “tabay” lamang ngunit dinadagan ng panlaping “a” kaya naging atabay na ang kahulugan ay isang butas sa lupa na karaniwang may lalim na 5 metro o mahigit pa hanggang maabot ang bukal ng tubig sa ilalim ng lupa. May mga salita na iisa ang kahulugan ngunit magkaibang-magkaiba ang baybay at salita sa wikang Filipino. Mapapansin din sa mga salitang nailista sa Dinagat ay halos nabibigkas ang mga patinig ng walang impit at karaniwang binibigkas ng maragsa ang mga katinig.

Talahanayan 3. Bokabularyo sa Kalupaan

Salita	Bigkas	Kahulugan	Katumbas sa Filipino
Bungtod 	bung.tód	Isang uri ng anyong lupa na kadalasang mas mababa kaysa sa bundok ngunit mas mataas kaysa sa lambak. Ito ay karaniwang may hugis-tatsulok na pababang anyo at may hindi gaanong malaking lawak.	Burul
Basakan 	ba.sa.kán	Bahagi ng lupa na tinataniman ng palay	Palayan
Patag 	pa.tág	Isang kapatagan ngunit napaligiran ng mga bundok	Lambak
Bukid 	bu.kíd	Kapatagan sa tuktok ng isang bundok o anumang lokasyong lupa na mataas kaysa anumang katawan ng karagatan o kalupaan	Talampas




<p>Pangpang</p> 	páng.páng	Bahagi ng lupa na katabi ng ilog, kung saan nagtatapos ang tubig at nagsisimula ang lupa	Pasigan
<p>Pulo</p> 	Puló	Isang bahagi ng lupa na higit na maliit sa kontinente at higit na Malaki sa bato na napiligiran ng tubig	Pulo
<p>Uma</p> 	Umá	Isang lupain na nilalaan sa mga prosesong pang-angrikultura	Sakahan
<p>Lasang</p> 	lasáng	Isang lugar na may malalaking bilang ng mga puno, tinitirhan ng mga hayop at ibon	Gubat
<p>Bonbon</p> 	bon.bon	Isang natural na nagaganap na butil na materyal na binubuo ng makinis na hinati na bato at mga partikula ng mineral	Buhangin
<p>Bulkan</p> 	bul.kan	Uri ng bundok na lumalabas ang tunaw na bato mula kailaliman ng daigdig	Bulkan
<p>Langob</p> 	la.ngob	Likas na butas na may sapat na laki at lawak na kayang pasukin ng tao at hayop	Yungib/ Kuweba
<p>Baybayon</p> 	bay.bajon	Anyo ng lupa ng katabi ng katawang tubig ng dagat	Dalampasigan
<p>Kalubihan</p> 	ka.lu.bihan	Anyong lupa na tinataniman at punong-puno ng mga puno niyog	Niyugan






Bakilid	ba.kilíd	Anyong lupa na hindi pantay maaring paakyat o pababa' ang hugis	Talirik
Pansil	pan.síl	Anyong lupa na halos binubuo ng malalaking bato ngunit may mga tumutubo paring mga puno ng kahoy	Talampas

Ang mga salita sa talahanayan 3 naman ay pawang tumutukoy sa bokabularyong pangkalikasan hinggil sa kalupaan, ang ipinapakita sa unang kolum ay ang mga salita ng Dinagatnon, sa pangalawang kolum naman ay ang bigkas ng mga salita, sa ikatlong kolum ay ang kahulugan ng bawat salita at ang sa huli at pang-apat na kolum ay ang salin o katumbas nito sa wikang Filipino.

Karaniwan sa mga salitang nabanggit ay halos pareho lamang ng baybay at bigkas sa mga wikang Cebuano, maaaring impluwensiya ito ng mga tao mula sa Visayas na naninirahan na rin sa Dinagat Islands. Makikita na magkaibang-magkaiba sa baybay at bigkas ang tumbas ng mga salitang Dinagatnon sa wikang Filipino ngunit pareho lamang ang mga kahulugan. Ang mga salitang pulo ay binibigkas ng maragsa. Binibigkas naman ng mabilis ang pansil, lugsongon, sakaon, basakan, bakilid, baybayon, bulkan, pangpang, bungtod, lasang at uma. Samantalang malumi naman ang pagbigkas ng salitang bungtod, patag, bukid, bonbon, at langob.

Talahanayan 4. Bokabularyo sa *Rootcrops*


Salita	Bigkas	Kahulugan	Katumbas sa Filipino
Kalibre 	kalib.ré	Halamang-ugat na nagsisilbing pangunahing pagkain ng mga taga-Mindanao	Kamoteng-kahoy
Kamote	ka.mo.té	Halamang-ugat na may lamang matamis, at karaniwang iginugulay ang talbos	Kamote
Gabi 	ga.bí	Isang halamang-ugat na may malalapad na dahon na parang paying na hindi nababasa.	Gabi
Luy-a	luy.a	isang uri ng gulaying ugat na ginagamit panimpla ng mga lutuin.	Luya
Palaw	pa.yaw	Kapamilya ng halamang-ugat na gabi ngunit mas malalaki ang laman at mas malapad ang mga dahon nito	Higanteng Gabi/Giant Taro
Singkamas	sing.kamas	isang uri ng halamang-ugat na may mabilog na bungang ang loob ay maputi, samantalang ang balat ay kulay ng pinaghalong kape at dilaw. Matamis ang lasa nito.	Singkamas
Galay/ Ganas	gay/ ga.nas	Ito ay mga ginugulay na mga dahonng kamote	Talbos ng kamote
Bombay 	bom.bay	Isang uri ng halamang gulay na ginagamit sa pagluluto. Nakakasanhi ng luha ang bunga nito kapag hinihiwa kung hindi nahugasan.	Sibuyas







Patatas 	pata.tas	isang uri ng gulay, na kahawig ng kamote ngunit ito'y matabang	Patatas
Karot	ka.rot	isang halamang-ugat na pahaba nag hugis at may kulay kahel	Karot
Ube 	u.be	isang uri ng halamang-ugat na inaani mula sa ilalim ng lupa. Kulay lila ang matamis na halamang-ugat na ito na karaniwang ginagamit sa paghahalaya.	Ube
Radis	ra.dis	isang uri ng maliit na halamang gulay na may matigas at malutong na ugat	Labanos
Karlang /haway 	kar.lang/ ha.way	Isang uri ng gabi na maraming bunga sa ilalim ng puno kaysa sa karaniwang gabi	Gabi
Duyaw 	Du.yaw	isang uri ng halamang kahawig ng luyaw. Ginagamit ito bilang pangkulay ng tela at pagkain	Luyang Dilaw
Mane 	mane	uri ng maliit na butil na mayaman sa protina, kinakain, at lumalaki sa matigas na balat	mani







Sa talahanayan 4 ay makikita naman ang mga bokabularyong pangkalikasan hinggil sa mga *rootcrops*, sa unang kolum ay ang salita ng Dinagatnon, sa pangalawang kolum naman ay ang bigkas ng mga salita, sa ikatlong kolum ay ang kahulugan ng bawat salita at ang sa huli at pang-apat na kolum ay ang salin o katumbas nito sa wikang Filipino.




Sa mga nabanggit na salita ay mapapansin na halos lahat ng mga halamang-ugat sa Dinagat ay may parehong baybay at bigkas sa wikang Filipino kagaya ng salitang kamote, gabi, singkamas, patatas, karot at ube. Samantalang may mga hiram na salita naman sa ingles ang bigkas ngunit binago ang baybay ayon sa Filipinong titik at tunog kagaya ng salitang radis. Ang salitang kalibre, payaw, karlang, Bombay at galay o ganas ay mga salitang Dinagatnon na may ibang bigkas at baybay na tumbas sa wikang Filipino. At ang luy-a naman ay may parehong baybay ngunit iba ang bigkas.

Talahanayan 5. Bokabularyo sa Punong-kahoy


Salita	Bigkas	Kahulugan	Katumbas sa Filipino
Antipolo 	anti.pó	Puno na magkahawig ng katangian ng punong rimas o "breadfruit" na may scientific name na "Artocarpus blancoi."	Antipolo/ Tipolo



Kawayan	kawa.ján	Ito ay nagagamit bilang handikrafts na pangkultura; at pagkain ng panda.	Kawayan
Kayamito	kay.mitó	Isang mataas na puno na may palapad at malambot na mga sanga. Kilala ito dahil sa bilugang bunga nito na maaaring kainin, matamis at kadalasang kulay lila ang kulay	Kaimito
Kamagong 	kama.góng	Ito ay karaniwang matigas, Malaki at isang kahoy na maitim at mas matagal tumubo	Kamagong
Tiga 	ti.gá	Isa sa pinakamatigas na puno sa Pilipinas	Malabayabas
Lubi 	lubí	halaman na maraming gamit mula ugat hanggang sa mga bunga nito na bilog, maaari itong makuhanan ng langis, mga sangkap sa lutuin gaya ng gata, suka, at ubot.	Niyog
Yakal 	yakál	Ang kulay ay dilaw hanggang ginintuang pula. Madagta at matigas ang kahoy nitó	Yakal
Lemonsito 	li.mon.si.to	isang maliit na prutas na napakaraming gamit gaya pangtanggal lansa sa isda,	Kalamansi
Akasya 	akas.yá	Mataas at 159ntipo na may malalapad na mga sanga. Ang bulaklak nito ay kulay pink at hibla hibla, habang ang bunga nito ay kahalintulad naman ng sampalok.	Akasya


<p>Kapiloyloy</p> 	kapi.loy.loy	Isang maliit na punong kilala rin bilang santa-elena at scientific name na “Leucaena leucocephala 160ntipolo160ae” na ang buga nito ay ginagamit na pang-purga ng bulate	Ipil-ipil
<p>Tanggile</p> 	tang.gi.le	Pangkaraniwang punongkahoy sa Pilipinas at dito lang dio, Tinatawag itong Philippine Mahogany ng mga Americano at rotes lauan naman ng mga Aleman.	Tanguile/Tangile
<p>Magkono</p>	mag.kono	Isa sa kilalang matigas na punong-kahoy na kadalasan ginagawang mga muwebles. Ito ay may scientific name na “Xanthostemon verdugonianus.”	Mangkono
<p>Mahogane</p> 	maho.gane	Isa sa pinakamatibay na puno, pangunahing materyales sa paggawa ng furniture	Mahogane
<p>Nara</p>	na.ra	Itinuturing na pambansang puno, ito ay matibay at matayog, ginagamit din lunas sa sakit	Nara
<p>Maria</p>  <p>Buhok</p>	mar.ya.buhók	isang uri ng puno na may mga dahong 160ntipol-lunti at kahawig ng mga karayom.	Pino
<p>Iba</p> 	i.bá	Puno na katamtaman lang ang taas at may bunga na namumukadkad sa mismong katawan ng punomay agking asim ang bunga nito na madalas ginagamit na pangsigang at pangtanggap ng mantsa sa mga damit.	Kamias
<p>Mangga</p>	máng.gá	Hugis puso ang bunga at tinaguriang pambansang prutas	Mangga
<p>Talisay</p> 	tá.lí.sáy	Ito ay may mamalaking dahon na kung pagmamasdan ay naghuhugis Payong.	Talisay/salaysay

Madre Kakaw 	de mád.ré.dé.ká.káw	isang uri ng puno na karaniwang itinatanim bilang palamuti. Ginagamit itong silungan o pananggalang sa labis na sikat ng araw para sa mga punong kakaw.	Kakawate
Bakhaw 	bak.háw	Isang uri ng kahoy na makikita sa gilid ng dagat at kilala sa ingles na mangrove tree	Bakawan
Kabgaw	áb.gáw	Uri ng kahoy na kadalasang ginagamit na gamut sa ubo ang dahon at kadalasang ginagamit sa paggawa ng bosing o fitting sa ihi nga mga sasakyang pandagat.	Kabgaw
Kaningag	káni.ngág	Uri ng kahoy na ang amoy ay kahawig sa amoy ng pepper mint	Kalingag
Dakit 	dá.yákít	Uri ng kahoy na ang ugat ay makikita sa labas ng puno	Balite
Bagras	bág.rás	Isang puno na may maraming kulay ang balat na kilala sa ingles na “rainbow gum” at may scientific name na “Eucalypus deglupta”. Ang puno ay makinis at kadalasang kulay brown, purple, blue, orange at green.	Bagras
Kulipapa	ku.li.pá.pá	Isang puno na kadalasang ginawang panggatong dahil sa napaka daling sibakin na may scientific name na “Teijsmanniodendron ahernianum”.	Dangula
Hindang	hin.dáng	Isang punong kahoy na mainam gawing banca dahil sa gaan at tibay nito sa dagat. Kilala sa sa scientific name na “Ficus callosal.”	Hindang
Duldol	Dul.dol	Isang puno na maaring tumubo ng hanggang 60 metro ang taas at may malalapad na sanga, ang mga dahon nito ay malalapad at may limang talim na parang kamay, ito ay nagbubunga rin ng mga malalaking bulaklak na kulay puti o kulay rosas at karaniwang ginawang palaman ng unan ang bunga nito.	Kapok
Kulo	kulo	Isang puno na karaniwang tumatas hanggan 30 metro na may malalapad na sanga, ang dahon nito ay malalapad at hugis-puso na kadalasan ay makinis sa ibabaw.	Rimas

		namumunga ito ng malalaking bilog at may may makinis na balat na kulay berde, dilaw o kayumanggi depende sa uri nito	
Atis	a.tis	Isang puno na karaniwang tumutubo ng 5 hanggang 10 metro ang taas, may malalapad at makinis na dahon na may berdeng kulay, namumunga ng malalaki, hugis-itlog, at may matigas na balat at maraming buto na hindi nakakain.	Atis
Marang	ma.rang	Isang puno ng prutas na kamag-anak ng jackfruit, cempedak, at breadfruit, ito ay may matamis at mabango na lasa na bunga, at karaniwang tumutubo sa mga tropical na klima.	Marang
Bayabas	ba.ya.bas	isang uri ng puno na namumunga ng mabibilog at may mga butong maliliit at matigas, ginagamit din bilang halaman alak dahil sa taglay nitong antiseptic properties na nakakatulong sa pagpapagaling ng sugat, ulcer, impeksiyon na sanhi ng bacteria at pagtatae.	Bayabas
Bonsay	bon.say	Karaniwang maliliit lamang na mga punong kahoy na kalimitang pinapatubo sa maliit na paso	Bonsai
Rambutan	Ram.bu.tan	Isang puno na namumunga ng may sukat na katulad ng isang itlog na mapula-pula at natatakpan ng mga maliliit na parang buhok at sa ilalim nito ay may malambot at matamis na laman	Rambutan
Kasoy	kasoy	isang uri ng puno o mismong bungang mani nito. Kahugis ng peras ang bunga nito na kulay naranghang-dilaw kung mahinog. Tumutubo sa labas ng prutas na ito ang kaniyang mga buto, na napagkukunan naman ng mga makakaing mani	Kasoy
Abokado	a.bo.ka.do	Isang puno ng prutas na na mayaman sa sustansya, ito ay karaniwang may madilim na berdeng kulay ang bunga nito na malambot at malinamnam ang laman	Abokado
Banaba	Ba.na.ba	Ito'y malawak na kilala bilang isang katutubong lunas sa loob ng mga dekada. Ito'y kilala bilang banaba sa Pilipinas. Ngunit tinutukoy din bilang crepe myrtle, pride of India, giant crape myrtle, at queen's flower.	Banaba

Lapnisan	Lap.ni.san	Isang mataas at matibay na puno na maaaring tumubo ng hanggang 40 metro ang taas at may halos 1 metro ang dayametro ang katawan, may dahong hugis-itlog at may tulis sa dulo, kilala ito sa mabangong amoy at ginagamit sa paggawa ng pabango.	Lapnisan
Bitanghol	Bi.tang.hol	Ang Bitanghol ay kilala sa pang-aham bilang <i>Calophyllum blancoi</i> . Ang punong ito ay isang malaking, tuwid na puno na may katawan na maaring umabot ng diameytro na 40 sentimetro. Ang mga dahon ay magkasalungat, may hugis na oblong, at may kaunting balahibo.	Bitanghol
Banitlong	banit.long	Isang uring ng punong-kahoy maliit at may taas na hanggang 10 mtero, ang dahon ay may habang 22 sentimetro at ang balat ay karaniwang ginagawang pantali dahil sa taglay nitong lakas.	Banitlog / Hierba de Soldado
Dugo-tawo		Isang matibay magandang kulay na uri ng kahoy na mainam at kadalasang ginagawang muwebles at magagarang pintuan ng bahay.	
Ikog-irong		Isang uri ng kahoy na kadalasang ginagawang muwebles. Ito ang kadalasang ginagamit sa mga may disenyong inuukit.	
Banay-banay		Ito ay isang mas maliit na puno, karaniwang umaabot sa diametro na 30 cm at taas na 8 hanggang 12 metro. Kilala ito sa scientific name na <i>Radermachera pinnata</i> Matatagpuan ito sa mga kagubatan sa mababang lugar hanggang sa submontane, kadalasang sa mga pangalawang kagubatan, hanggang sa 1,600 metro sa itaas. Ang kanyang kahoy ay itinuturing na mahalaga at ginagamit para sa iba't ibang layunin.	
Kakaw 	Ka.kaw	Ito ay isang tropikal na puno na ang bunga ay karaniwang ginagawang tsokolate	Cacao
Sudjang		Isang matigas na kahoy na kadalasang gingamit sa paggawa ng door jam o pintuan ng bahay at kulay kayumanggi ang kahoy nito.	Sudyang
Tagibokbok	ta.gi.bok.bok	Ito ay kilala sa pang-aham bilang "Ficus nota" na may katamtaman hanggang malaking puno, na umaabot ng taas na hanggang 30 metro, may Matulis na dulo at	Tagibokbok

		may kaunting hugis-puso sa base at namumunga ng maliit at bilog na prutas na sa simula ay berde ngunit nagiging pulang-lila kapag hinog.	
Lanipga 		Isang malaking puno na maaaring tumubo ng hanggang 20-30 metro ang taas, may malapad na korona at maitim na kulay-abo o mapula-pula na balat, kilala bilang Philippine Cedar, ang mga dahon nito ay nababagsak kapag taglamig, na kinabibilangan ng pamilya ng mahogany	Lanipga/Kalantas
Hanagdong	Hanag.dong	isang karaniwang uri ng ng puno na matatagpuan sa buong Pilipinas. <i>Trema Orientalis</i> ang <i>scientific name</i> nito, ito ay katamtaman hanggang malaking puno na karaniwang umaabot ng taas na 20 metro, may magaspang na dahon at ang prutas nito ay maliit, bilog, at malaman, kumikintab na itim kapag hinog. Naglalaman ito ng isang maitim na buto na nakabaon sa makintab na berdeng laman.	Anabiong
Katmon	Kat.mon	Ang katmon tree ay isang katamtamang sukat na puno na tumataas hanggang sa 15 metro ang taas. Karaniwan itong matatagpuan sa kagubatan sa mababang lugar at gitnang taas. Ang ilang bahagi ng puno, kabilang ang mga prutas, dahon, balat, at mga bulaklak, ay madalas na ginagamit sa tradisyunal na gamut.	katmon
Hagdag-uwak	Hag.dag.uwak	ito ay isang katamtamang puno na karaniwang umaabot ang taas sa 10 hanggang 15 metro, na may makapal na dahon na may kakaibang hugis, binubuo ng mga leaflets na nakaayos sa isang pinnate pattern, na parang isang balahibo at malawak na sanga	Bingliw
Anagasi	Anagasi	Isang uri ng kahoy na ang dahon ay parang papel de liha, kilala sa scientific name na <i>Leucosky capitellata</i> o <i>Urticaceae</i>	Alagasi
Handamay	han.damay	isang maliit na puno na maaaring lumaki hanggang sa 3-5 metro ang taas, na may dahon na malapad at patulis ang dulo na may mga ngipin sa gilid nito. Karaniwang ginagamit ang katas ng dahon sa mga sugat ang scientific name nit ay <i>Pipturus</i>	Dalunot

		<p><i>arborescence.</i></p>	
---	--	-----------------------------	--

Sa talahanayan 5 naman ay tungkol sa mga bokabularyong pangkalikasa hinggil sa punong-kahoy, sa unang kolum ay ang salita ng Dinagatnon, sa pangalawang kolum naman ay ang bigkas ng mga salita, sa ikatlong kolum ay ang kahulugan ng bawat salita at ang sa huli at pang-apat na kolum ay ang salin o katumbas nito sa wikang Filipino.

Ang mga salitang nabanggit tungkol sa mga punong-kahoy sa Dinagat ay pawang mga salitang ugat lamang. Mapapansin dito na may mga katawagan na may ibang katumbas sa salita sa wikang Filipino ngunit pareho ang kahulugan kagaya ng *tiga, lubi, limon, kapiloyloy, marya buhok, iba, madre de kakaw, kulipapa at dayakit*. May ilang salita naman na pareho lamang ang bigkas at baybay sa wikang Filipino at iba pang wika, ito ay ang mga salitang *165ntipolo, kamagong, yakal, akasya, tanggile, magkono, nara, manga, mahogane, bagras, hindang* at Talisay. May mga salita naman na magkalapit ang tunog at baybay ngunit may mga titik lamang na nabago at naiba na bigkas kagaya ng kasalita *kawayan-kawajan, kaimito-kayamito, bakawan-bakhaw at kabgaw-abgaw at kalingag-kaningag*. Karaniwan sa mga katinig ng salita ay binibigkas ng mabilis kung saan ito ang karaniwang tunig ng mga Dinagatnon at ang mga patinig ay walang impit maliban lang sa salitang *iba* kung saan binibigkas itong may impit.

Ang nabuong glosaryo ng bokabularyong pangkalikasan ay nagagamit sa mga aralin lalo na sa mga paksang pampanitikan at gramatika. Sa talahanayan 15, makikita ang mga kompetensei sa DepEd na natutugunan ng ginawang sipat-suri sa Filipino ng mga bokabularyong pangkalikasan sa Isla ng Dinagat. Batay sa mga naging tugon ng sampung (10) gurong nagtuturo sa Filipino sa pamamagitan ng tseklis, makikita na halos lahat ay nagbigay ng marka na tsek (/) sa mga kompetensi na nilagay ng mananaliksik. Pinapakita nito na ang paggamit ng Glosaryo ng Bokabularyong pangkalikasan ay nakatutulong. Makikita sa talahanayan na magagamit ito sa bahagi o proseso ng pagkatuto sa mga banghay-aralin, bahaging “pagganyak” at paglinang ng talasalitaan”, “paglinang ng Kabihasaan” o formative assessment, “palalapat” at “pagtataya”.

Batay sa ginawang pagtalakay ng mananaliksik bilang isang guro sa mga mag-aaral ng sekondarya ay nakatutulong ang mga sipat-suri ng mga bokabularyong pangkalikasan sa Isla ng Dinagat sa magaan na pag-unawa ng mga salita. Maaari ito mailapat sa halos lahat ng talakayan dahil bahagi ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay ang maiugnay ang mga aralin sa paligid at kalikasan.

Bagama’t hindi direktang nailahad ang gamit ng bokabularyong pangkalikasan sa mga nabanggit na kompetensi, ito naman ay maaaring magamit ng mga mag-aaral at guro sa bahagi ng aralin na Paghawan ng bokabularyo. Maaaring sa pamamagitan ng bokabularyong pangkalikasan ay matukoy ng mga mag-aaral ang katangian ng mga katawagang pangkalikasan.

KABANATA 3

MGA RESULTA AT PAGTALAKAY


Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga natuklasan at pagtatalakay tungkol sa mga Bokabularyong Pangkalikasan sa Isla ng Dinagat.

Mga Bokabularyong Pangkalikasan sa Isla ng Dinagat

Ang mananaliksik ay nangalap ng mga bokabularyong pangkalikasan sa pamamagitan ng pagtatanong-tanong at oberbasyon upang mapaunlad ang kultura ng Dinagat at matukoy ang mga lokal na salita dito. Makakatulong ito upang madaling makilala at matukoy ang mga bagay at elemento ng kalikasan.






Talananayan 2. Bokabularyo sa Katubigan









Salita	Bigkas	Kahulugan	Katumbas sa Filipino
Atabay 	a.ta.bay	Isang butas ng lupa na may tubig na dumadaloy	Balon
Balod 	ba.wód	Paggalaw ng dagat mula sa isang lugar papunta sa ibang pook	Alon
Busay 	bu.sáy	Daloy ng tubig mula sa itaas hanggang sa mababang bahagi ng pook	Talon
Dagat 	da.gát	Anyong tubig na maalat, mas mababaw na bahagi ng karagatan	Dagat
Suba 	subá	Anyo ng tubig na dumadaloy mula sa bundok patungo sa karagatan	Ilog
Sapa 	sapá	Patuloy na agos ng tubig tabang na mas mababaw at maliit kumpara sa ilog	Batis
Lawod 	lawód	Pinakamalaki, pinakamalawak, pinakamalalim na bahagi ng tubig-alat at malayo ito sa baybayin	Karagatan/ Laot
Linaw 	li.náw	Malaki at malalim na Tubig-tabang na napalibutan ng lupa	Lawa
Lo'ok 	lo.ók	Anyong tubig na bahagi ng dagat katulad ng golpo ngunit mas maliit at mas malaki ang buka nito sa dagat	Look
Kabakhawan 	Ka.bak.h a.wán	Bahagi ng dagat na karaniwang tumutubo ang mga puning bakhaw	Bakawan

Lay.o	lay.o	A <i>stagnant water</i> na maputik kadalasan matatagpuan sa mga palayan at tabing dagat	Likya
Pasig 	Pasig	Mababaw na bahagi ng karagatan sa laot	Talampas ng Karagatan
Lim-aw	lim.áw	Maliit ngunit malalim na di-gumagalaw na naipong tubig.	Sal a bay

Ang mga salita sa talahanayan 2 ay pawang tumutukoy sa bokabularyong pangkalikasan hinggil sa katubigan, sa unang kolum ay makikita ang mga bokabularyong ginamit sa Isla ng Dinagat, sa ikalawang kolum naman ay ang bigkas ng mga salita kung saan makikita na may mga titik na nawawala kagaya ng tunog ng titik na “l” ay napapalitan ng tunog ng titik na “w”, ngunit may mga salita na pareho lamang ang baybay at bigkas nito sa wikang Filipino na makikita sa ikaapat na kolum. Mapapansing ang mga salita na natuklasan ay pawang mga salitang-ugat lamang maliban sa salitang atabay na kung saan karaniwan itong binabanggit na “tabay” lamang ngunit dinadagan ng panlaping “a” kaya naging atabay na ang kahulugan ay isang butas sa lupa na karaniwang may lalim na 5 metro o mahigit pa hanggang maabot ang bukal ng tubig sa ilalim ng lupa. May mga salita na iisa ang kahulugan ngunit magkaibang-magkaiba ang baybay at salita sa wikang Filipino. Mapapansin din sa mga salitang nailista sa Dinagat ay halos nabibigkas ang mga patinig ng walang impit at karaniwang binibigkas ng maragsa ang mga katinig.

Talahanayan 3. **Bokabularyo sa Kalupaan**




Salita	Bigkas	Kahulugan	Katumbas sa Filipino
Bungtod 	bung.tód	Isang uri ng anyong lupa na kadalasang mas mababa kaysa sa bundok ngunit mas mataas kaysa sa lambak. Ito ay karaniwang may hugis-tatsulok na pababang anyo at may hindi gaanong malaking lawak.	Burol
Basakan 	ba.sa.kán	Bahagi ng lupa na tinataniman ng palay	Palayan
Patag 	pa.tág	Isang kapatagan ngunit napaligiran ng mga bundok	Lambak
Bukid 	bu.kíd	Kapatagan sa tuktok ng isang bundok o anumang lokasyong lupa na mataas kaysa anumang katawan ng karagatan o kalupaan	Talampas
Pangpang 	páng.páng	Bahagi ng lupa na katabi ng ilog, kung saan nagtatapos ang tubig at nagsisimula ang lupa	Pasigan






<p>Pulo</p> 	Puló	Isang bahagi ng lupa na higit na maliit sa kontinente at higit na Malaki sa bato na napiligiran ng tubig	Pulo
<p>Uma</p> 	Umá	Isang lupain na nilalaan sa mga prosesong pang-angrikultura	Sakahan
<p>Lasang</p> 	lasáng	Isang lugar na may malalaking bilang ng mga puno, tinitirhan ng mga hayop at ibon	Gubat
<p>Bonbon</p> 	bon.bon	Isang natural na nagaganap na butil na materyal na binubuo ng makinis na hinati na bato at mga partikula ng mineral	Buhangin
<p>Bulkan</p> 	bul.kan	Uri ng bundok na lumalabas ang tunaw na bato mula kailaliman ng daigdig	Bulkan
<p>Langob</p> 	la.ngob	Likas na butas na may sapat na laki at lawak na kayang pasukin ng tao at hayop	Yungib/ Kuweba
<p>Baybayon</p> 	bay.bajon	Anyo ng lupa ng katabi ng katawang tubig ng dagat	Dalampasigan
<p>Kalubihan</p> 	ka.lu.bihan	Anyong lupa na tinataniman at punong-puno ng mga puno niyog	Niyugan
<p>Bakilid</p>	ba.kilid	Anyong lupa na hindi pantay maaring paakyat o pababa' ang hugis	Talirik
<p>Pansil</p>	pan.sil	Anyong lupa na halos binubuo ng malalaking bato ngunit may mga tumutubo paring mga puno ng kahoy	Talampas

Ang mga salita sa talahanayan 3 naman ay pawang tumutukoy sa bokabularyong pangkalikasan hinggil sa kalupaan, ang ipinapakita sa unang kolum ay ang mga salita ng Dinagatnon, sa pangalawang kolum naman ay ang bigkas ng mga salita, sa ikatlong kolum ay ang kahulugan ng bawat salita at ang sa huli at pang-apat na kolum ay ang salin o katumbas nito sa wikang Filipino.

Karaniwan sa mga salitang nabanggit ay halos pareho lamang ng baybay at bigkas sa mga wikang Cebuano, maaaring impluwensiya ito ng mga tao mula sa Visayas na naninirahan na rin sa Dinagat Islands. Makikita na magkaibang-magkaiba sa baybay at bigkas ang tumbas ng mga salitang Dinagatnon sa wikang Filipino ngunit pareho lamang ang mga kahulugan. Ang mga salitang pulo ay binibigkas ng maragsa. Binibigkas naman ng mabilis ang pansil, lugsongon, sakaon, basakan, bakilid, baybayon, bulkan, pangpang, bungtod, lasang at uma. Samantalang malumi naman ang pagbigkas ng salitang bungtod, patag, bukid, bonbon, at langob.

Talahanayan 4. Bokabularyo sa *Rootcrops*

Salita	Bigkas	Kahulugan	Katumbas sa Filipino
Kalibre 	kalib.ré	Halamang-ugat na nagsisilbing pangunahing pagkain ng mga taga-Mindanao	Kamoteng-kahoy
Kamote	ka.mo.té	Halamang-ugat na may lamang matamis, at karaniwang iginugulay ang talbos	Kamote
Gabi 	ga.bí	Isang halamang-ugat na may malalapad na dahon na parang payung na hindi nababasa.	Gabi
Luy-a	luy.a	isang uri ng gulaying ugat na ginagamit panimpla ng mga lutuín.	Luya
Palaw	pa.yaw	Kapamilya ng halamang-ugat na gabi ngunit mas malalaki ang laman at mas malapad ang mga dahon nito	Higanteng Gabi/Giant Taro
Singkamas	sing.kamas	isang uri ng halamang-ugat na may mabilog na bungang ang loob ay maputi, samantalang ang balat ay kulay ng pinaghalong kape at dilaw. Matamis ang lasa nito.	Singkamas
Galay/ Ganas	gay/ ga.nas	Ito ay mga ginugulay na mga dahonng kamote	Talbos ng kamote
Bombay 	bom.bay	Isang uri ng halamang gulay na ginagamit sa pagluluto. Nakakasanhi ng luha ang bunga nito kapag hinihiwa kung hindi nahugasan.	Sibuyas
Patatas	pata.tas	isang uri ng gulay, na kahawig ng kamote ngunit ito'y matabang	Patatas
Karot	ka.rot	isang halamang-ugat na pahaba nag hugis at may kulay kahel	Karot

 <p>Ube</p>	u.be	isang uri ng halamang-ugat na inaani mula sa ilalim ng lupa. Kulay lila ang matamis na halamang-ugat na ito na karaniwang ginagamit sa paghahalaya.	Ube
 <p>Radis</p>	ra.dis	isang uri ng maliit na halamang gulay na may matigas at malutong na ugat	Labanos
 <p>Karlant /haway</p>	kar.lang/ ha.way	Isang uri ng gabi na maraming bunga sa ilalim ng puno kaysa sa karaniwang gabi	Gabi
 <p>Duyaw</p>	Du.yaw	isang uri ng halamang kahawig ng luya. Ginagamit ito bilang pangkulay ng tela at pagkain	Luyang Dilaw
 <p>Mane</p>	mane	uri ng maliit na butil na mayaman sa protina, kinakain, at lumalaki sa matigas na balat	mani

Sa talahanayan 4 ay makikita naman ang mga bokabularyong pangkalikasan hinggil sa mga *rootcrops*, sa unang kolum ay ang salita ng Dinagatnon, sa pangalawang kolum naman ay ang bigkas ng mga salita, sa ikatlong kolum ay ang kahulugan ng bawat salita at ang sa huli at pang-apat na kolum ay ang salin o katumbas nito sa wikang Filipino.

Sa mga nabanggit na salita ay mapapansin na halos lahat ng mga halamang-ugat sa Dinagat ay may parehong baybay at bigkas sa wikang Filipino kagaya ng salitang kamote, gabi, singkamas, patatas, karot at ube. Samantalang may mga hiram na salita naman sa ingles ang bigkas ngunit binago ang baybay ayon sa Filipinong titik at tunog kagaya ng salitang radis. Ang salitang kalibre, payaw, karlang, Bombay at galay o ganas ay mga salitang Dinagatnon na may ibang bigkas at baybay na tumbas sa wikang Filipino. At ang luy-a naman ay may parehong baybay ngunit iba ang bigkas.

Ang mga salitang nabanggit tungkol sa mga punong-kahoy sa Dinagat ay pawang mga salitang ugat lamang. Mapapansin dito na may mga katawagan na may ibang katumbas sa salita sa wikang Filipino ngunit pareho ang kahulugan kagaya ng *tiga, lubi, limon, kapiloyloy, marya buhok, iba, madre de kakaw, kulipapa at dayakit*. May ilang salita naman na pareho lamang ang bigkas at baybay sa wikang Filipino at iba pang wika, ito ay ang mga salitang *170ntipolo, kamagong, yakal, akasya, tanggile, magkono, nara, manga, mahogane, bagras, hindang* at Talisay. May mga salita naman na magkalapit ang tunog at baybay ngunit may mga titik lamang na nabago at naiba na bigkas kagaya ng kasalita *kawayan-kawajan, kaimito-kayamito, bakawan-bakhaw at kabgaw-abgaw at kalingag-kaningag*. Karaniwan sa mga katinig ng salita ay binibigkas ng mabilis kung saan ito ang karaniwang tunig ng mga Dinagatnon at ang mga patinig ay walang impit maliban lang sa salitang *iba* kung saan binibigkas itong may impit.

Ang nabuong glosaryo ng bokabularyong pangkalikasan ay nagagamit sa mga aralin lalo na sa mga paksang pampanitikan at gramatika. Sa talahanayan 15, makikita ang mga kompetensei sa DepEd na natutugunan ng ginawang sipat-suri sa Filipino ng mga bokabularyong pangkalikasan sa Isla ng Dinagat. Batay sa mga naging tugon ng sampung (10) gurong nagtuturo sa Filipino sa pamamagitan ng tseklist, makikita na halos lahat ay nagbigay ng marka na tsek (/) sa mga kompetensi na nilagay ng mananaliksik. Pinapakita nito na ang paggamit ng Glosaryo ng Bokabularyong

pangkalikasan ay nakatutulong. Makikita sa talahanayan na magagamit ito sa bahagi o proseso ng pagkatuto sa mga banghay-aralin, bahaging “pagganyak” at paglinang ng talasalitaan”, “paglinang ng Kabihasaan” o formative assessment, “palalapat” at “pagtataya”.

Batay sa ginawang pagtalakay ng mananaliksik bilang isang guro sa mga mag-aaral ng sekondarya ay nakatutulong ang mga sipat-suri ng mga bokabularyong pangkalikasan sa Isla ng Dinagat sa magaan na pag-unawa ng mga salita. Maaari ito mailapat sa halos lahat ng talakayan dahil bahagi ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay ang maiugnay ang mga aralin sa paligid at kalikasan.

Bagama’t hindi direktang nailahad ang gamit ng bokabularyong pangkalikasan sa mga nabanggit na kompetensi, ito naman ay maaaring magamit ng mga mag-aaral at guro sa bahagi ng aralin na Paghawan ng bokabularyo. Maaaring sa pamamagitan ng bokabularyong pangkalikasan ay matukoy ng mga mag-aaral ang katangian ng mga katawagang pangkalikasan.

KABANATA 4

BUOD, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng buod, kongklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral tungkol sa Salin-suri ng Bokabularyong Pangkalikasan sa Isla ng Dinagat

Buod

Nilalaman ng pananaliksik na ito ang kahalagahan ng wika at kultura sa paglinang ng pambansang kamalayan at identidad sa Pilipinas. Tinatalakay dito ang mga pagsisikap ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) at iba pang ahensya ng komunikasyon at pagtuturo sa iba’t ibang antas ng edukasyon. Binibigyang-diin din ng pananaliksik ang pagsipat ng mga bokabularyong pangkalikasan ng Dinagat para sa pagpapayaman ng wikang Filipino, sa pamamagitan ng pagtuklas ng mga salita ayon sa kanilang baybay, bigkas at mga pakahulugan nito kaugnay sa ibang kultura at wika. Sa pag-aaral na ito, kabilang sa isiniwalat dito ay ang mga lokal na katawagang pangkalikasan partikular sa katubigan, kalupaan, *rootcrops*, punong-kahoy, gulay, halamang-gamot, kahayupan, ibon, isda, lamang-dagat at mga insekto sa Isla ng Dinagat, at kung paano ang mga ito magamit bilang instrumento sa pagpapalawak ng bokabularyo ng wikang Filipino, lalo na sa konteksto ng edukasyong pangkalikasan.

Natuklasan. Batay sa nakalap at nabuong glosaryo sa mga datos naririto ang mga natuklasan sa pag-aaral mula sa ginawang pagsusuri;

Mayaman sa mga salita kaugnay sa kalikasan ang Isla ng Dinagat lalo na sa mga katawagan sa Isda.

Mayroong pagkakatulad ang baybay at bigkas ng mga bokabularyong pagkalikasan sa Dinagat at Filipino ngunit higit na marami ang mga salitang magkaiba. Iba ang bigkas ng mga salita ng ilang mga titik sa mga katawagang pangkalikasan sa isla ng Dinagat

May mga kompetensi na natutugunan ng nabuong glosaryo ng bokabularyong pangkalikasan.

Kongklusyon

Batay sa ginawang pananaliksik ito ang naging kongklusyon:

1. Mayaman sa kulturang pangkalikasan ang Dinagat lalo na sa mga kategorya ng isda at lamang dagat sapagkat ang katawagan dito ang higit na marami.

Ang mga salitang ginamit sa Isla ng Dinagat ay hinango at impluwensya ng mga kalapit na lugar ngunit may iba naman na nakabatay sa kultura ng lugar.

Ang nabuong glosaryo ay nakakatulong sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral lalo na sa pagpapalawak ng mga bokabularyo.

Rekomendasyon

Batay sa natuklasan at nabuong kongklusyon naririto ang mga rekomendasyon;

Mag-aaral. Palawakin ang kasanayan sa pag-unawa ng mga teksto sa pamamagitan ng paggamit at pag-aaral sa mga tumbas sa Filipino ng lokal sa salita.

Mga Guro. Paigting ang pagpapalawak ng mga lokal na katawagan sa pagtuturo sa mga mag-aaral upang mapanatili at maisalin pa ito sa susunod na mga henerasyon.

Komunidad. Patuloy na gamitin at ipakilala ang mga lokal na katawagang pangkalikasan upang mas mapayabong pa ito bilang isang kultura at pagkakakilanlan ng isang lugar.

Pamahalaan. Pasiglahin ang kolaborasyon sa pagitan ng akademiko, mananaliksik, at mga katutubong komunidad sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa likas na yaman at kultura ng Pilipinas.

DepEd. Isama sa kurikulum ng mga paaralan ang pag-aaral ng mga bernakular na bokabularyong pangkalikasan bilang bahagi ng edukasyong pangkalikasan, upang higit na maipalaganap ang kaalaman at pagpapahalaga sa likas na yaman ng bansa.

Iba pang mananaliksik. Ipagpatuloy ang pagsusuri ng kasingkahulugan at kasingbaybay ng mga salitang pangkalikasan sa iba't ibang bansa sa palibot ng Asya upang magbigay liwanag kung saan at paano nagsimula ang mga bigkas at kahulugan ng mga salita.

Pasasalamat

Taos-puso kaming nagpapasalamat sa lahat ng tumulong at nagbigay ng suporta sa pananaliksik na ito. Maraming salamat sa aking tagapayo sa akademiko para sa kanilang gabay at kaalaman. Pasasalamat din sa mga residente ng Isla ng Dinagat sa kanilang pakikiisa at mahalagang kontribusyon. Espesyal na pasasalamat sa aking pamilya at mga kaibigan sa walang sawang suporta. Hindi magiging posible ang pananaliksik na ito kung wala kayo. Maraming salamat.

TALASANGGUNIAN

- [1]. Borong, N., Silawan, F. (2022). Register ng Wika sa mga Mangingisda. *International Multilingual Journal of Science and Technology (IMJST)*. Vol. 7. Issue 11.
<https://www.imjst.org/wp-content/uploads/2022/11/IMJSTP29120789.pdf>
- [2]. Galdonez, D.P. (2022). Tipon, Salin, at Suri ng mga Kwentong bayan ng Iloko. *International Journal of Research Studies in Education*. <https://www.researchgate.net>
- [3]. Guadna, Edgar S., et.al (2023). Hanap-salita: Pagpapayaman ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral ng Ilocos Sur Polytechnic State College-Laboratory High School. <https://amburayanresearchjournal.xyz/index.php/arj>
- [4]. Kurian, J C. (2010). *Amazing Healing Plants*. Philippine Publishing House Manila, Philippines. Volume 1.
- [5]. Lumacao, J. T., & Ijan, M. I. (2023). Pagpapanatili ng termino ng machine translation bilang pagpapayaman sa korpus ng wikang Filipino. Puissant. *Advanced Online Publication*.
- [6]. Lutch, Evan Mae. (2016) *Mga Hulma sa Yuta ug Tubig*.
<https://www.slideshare.net/slideshow/mga-hulma-sa-yuta-og-tubig/68490181>
- [7]. Malaque, Marvel. (2023). Pagbubuo ng Glosaryo sa mga Salitang GenZ sa SocMed: Tugon sa Elaborasyon ng Wikang Filipino.
https://www.researchgate.net/publication/371883041_Pagbubuo_ng_Glosaryo_sa_mga_Salitang_GenZ_sa_SocMed_Tugon_sa_Elaborasyon_ng_Wikang_Filipino/citation/download
- [8]. Nuncio, Rhoderick V., et al. (2020). Pagsipat sa Leksikal na Baryasyon ng mga Terminong Filipino, Bikol, at Cebuano sa Kontekstong Panginabuhian/Pangkabuhayan. Tomo 32. Bilnag 2.
<https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-32/2/3-nuncio.pdf>
- [9]. Paz, C., Hernandez, H. Peneyra, I. (2003). *Ang pag-aaral ng wika*. Diliman, Quezon City: University of the Philippines Press.
- [10]. Robante, N., Reyes, D. A., & Libo-on, J. (2023). Maikling Kwentong Hiligaynon: Isang Pagsasalin at Pagsusuring Moralistiko at Sosyolohikal. *Romblon State University Research Journal*, 5(1), 7–17.
<https://doi.org/10.58780/rsurj.v5i1.97>
- [11]. Sajulga, A. (2017). Pagsasalingwika sa dubbing ng mga dayuhang pelikula. MSU-Iligan Institute of Technology. Lungsod Iligan. [Tesis]
- [12]. Santiago, A. (2003). *Sining ng pagsasaling-wika*. Rex Book Store. Lungsod ng Maynila.

- [13]. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)-Peer Reviewed Journal. June 2023. Volume 9.Issue 6
- [14]. Unknown Blogger, <https://kayungkayung.blogspot.com/2018/10/ibat-ibang-uri-ng-punongkahoy-at.html>
- [15]. Unknown Blogger, <https://pangkat1filipino.blogspot.com/2013/01/punong-tipulo.html>
- [16]. 2019 Mediko Philippine, <https://mediko.ph/gamot/tawa-tawa/>
- [17]. Binisaya.com, <https://www.binisaya.com/node/21?search=english&word=radish&Search=Search>
- [18]. 2024 Animal Spot, <https://www.animalspot.net/birds-that-start-with-a>
- [19]. Cultured Philippines (Sagisag Kultura) <https://philippineculturaleducation.com.ph/tawilis/>
- [20]. The Asian Parent, https://ph.theasianparent.com/halamang-gamot#Mga_halamang_gamot_sa_Pilipinas_Mga_uri_ng_halamang_gamot
- [21]. Health & Wellness, https://www.facebook.com/helpful2us/photos/halamang-gamot-duhatkaalaman-tungkol-sa-duhat-bilang-halamang-gamotscientific-na/359261637828548/?paipv=0&eav=Afbekid2IVcn2IqyOcx-ENE7pckU5jjpaBrvlqagX65AoIyKm5CG59MOOwJwtyHNTFc&_rdr
- [22]. YODISPHERE, EXPLORE, DREAM, DISCOVER, <https://www.yodisphere.com/2021/10/Isda-at-Lamang-Dagat-Pilipinas.html>
- [23]. TagalogLang, <https://www.tagaloglang.com/samaral/>
- [24]. DENR Dinagat Islands Office
- [25]. FishBase, <https://www.fishbase.se/comnames/CommonNamesList.php?ID=5112&GenusName=Dascyllus&SpeciesName=trimaculatus&StockCode=5347>
- [26]. BFAR School On The Air, https://www.facebook.com/watch/live/?ref=watch_permalink&v=1074601793698735
- [27]. Information Exchange <http://www.stuartxchange.org/FishNames.html>
- [28]. ListPH <https://www.listph.com/2017/02/list-species-fish-philippines.html>
- [29]. Wikipedia, https://tl.wikipedia.org/wiki/Talaan_ng_mga_salitang_hiniram_ng_Tagalog
- [30]. Philippine Traditional Knowledge Digital Library on Health https://www.tkdiph.com/index.php/ct-menu-item-3/ct-menu-item-7/catalog?orderby=Local_name&ordering=DESC&start=7320